TOMO 10 BILANG 12 | ISSN NO. 2599-5405 | DECEMBER 2023

# SULONG

ANG PAHAYAGANG PANGKAUNLARAN NG CARD MRI










## 2023 SINEMAYA COMMUNITY FILM FESTIVAL, ISINAGAWA NG PHILIPPINE MICROFINANCE

*ni Edrian Banania*




*Kabilang sa litrato sina Mie Baring (ikalima mula kaliwa); Leodeliza Noynay (ikaapat mula kaliwa) at ang kanilang Unit Manager na si Bernadeth Nonol (ikatlo mula kaliwa); CARD MRI Founder at Chairman Emeritus Dr. Jaime Aristotle B. Alip (gitna), kasama ang CARD SME Bank President Cynthia Baldeo (ika-2 mula kaliwa), CARD MRI Managing Director Aristeo Dequito (ika-2 mula kanan) kasama ng iba pang MFI's Mga pinuno at kinatawan.*

Matagumpay na isinagawa ang Araw ng Pagkilala ng ikalawang taon ng SineMaya: Community Short Film Festival sa SM City San Pablo sa Laguna noong Disyembre 10, 2023.

Sa edisyong ito, ipinalabas sa *festival* ang walong dokumentaryong pelikula na likha ng mga komunidad mula sa iba't ibang institusyon ng *microfinance* sa Pilipinas. Ang mga pelikula ay ipinalabas sa iba't ibang SM Cinemas, kabilang ang SM City Manila, SM City Iloilo, at SM City Cagayan de Oro noong Nobyembre 26, 2023.

Kabilang sa nasabing pelikula ang "Letra" ng MSU 2 Center mula sa CARD, Inc. (A Microfinance NGO) Marawi City, Lanao del Sur; "Isang libong hakbang para sa pangarap" ng Arawan 16 Center mula sa CARD Bank Tiaong, Quezon; "Dahon ng Pag-asa" ng Poblacion 13 Center mula sa CARD MRI Rizal Bank Inc. Cavinti, Laguna; "Pangandoy" ng Salvacion 3P Center CARD SME Bank mula sa Panabo City, Davao del Norte; "Balo" ng Purple Center mula sa ASA Philippines Alaminos, Laguna; "Pagbangon ng Api" ng K25BG Center mula sa SEDP-Simbag sa Pag-asenso, Inc. (A MICROFINANCE NGO) Sorsogon; "Bunga ng Pagsisikap" ng Padac P2

## PsMLNI 2023: KINILALA NG CARD MRI ANG MGA NATATANGI NITONG MICROENTREPRENEUR

*ni Mary Rose Javier*

Kinilala ng CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI) ang mga natatanging kliyenteng *microentrepreneur* nito sa katatapos lamang na "Pagkilala sa Mga Likha ni Inay Awards 2023" noong Disyembre 6, 2023 sa San Pablo City, Laguna .

Ang Pagkilala sa Mga Likha ni Inay (PsMLNI) ay ang taunang pagkilala sa mga kliyente ng CARD MRI na may mga negosyong nakatutulong sa marami at nakapag-aangat sa potensyal ng MSMEs bilang mahalagang sektor ng ating lipunan. P2

Basahin ang isyung ito upang manalo ng **P50.00** load via konek2CARD!

**Anong titulo ng pelikula ang nakatanggap ng parangal na "Best Film"?**

Ikomento ang inyong kasagutan sa aming KOAderno post sa aming official facebook page @PublishingHouseInc.



# 2023 SINEMAYA COMMUNITY ... P1

Center mula sa People's Alternative Livelihood Microfinance Foundation of Sorsogon Inc.; at "Kami ay Babae, Hindi Babae Lang" ng Center 117 mula sa Negros Women For Tomorrow Foundation, Inc. Guimaras.

Ang tema ng *film fest* para sa taong ito na "Pagbangon at Pag-asa: Kasangga ang MFI sa pagharap sa bagong simula", ay nagbigay inspirasyon sa mga kalahok na lumikha ng dokumentaryo batay sa kanilang mga totoong karanasan.

**Ang mga nagwagi**

Itinanghal ang "Pangandoy" bilang *Best Film* at ang direktor naman nitong si Mie Baring ang itinanghal na *Best Director*. Binigyang-diin ni Mie ang papel ng *festival* sa pagpapakita ng talento at kasanayan ng mga kliyente ng *microfinance* sa labas ng kanilang mga P4

## PsMLNI 2023: KINILALA ... P1



*Pinarangalan ang natatanging CARD MRI entrepreneurs sa katatapos lamang na Pagkilala sa Mga Likha ni Inay 2023. Kasama sa larawan ng mga finalist sina CARD MRI Founder and Chair Emeritus Dr. Jaime Aristotle B. Alip at buong Executive Committee Members ng CARD MRI at Senior Advisers.*

"Ang aming mga kliyente ay nagpapakita ng tapang at kahusayan ng mga negosyanteng Pilipino, na nagiging inspirasyon sa atin upang patuloy na magsikap sa aming layunin na wakasan ang kahirapan sa bansa," ani Mr. Aristeo A. Dequito, ang Managing Director ng CARD MRI.

Dagdag pa niya, ang mga kinikilalang MSMEs sa PsMLNI ay hindi lamang nagbibigay inspirasyon sa organisasyon kundi pati na rin sa iba pang kliyente na nagpupursigi na matupad ang kanilang mga pangarap.

"Tunay na kahanga-hanga ang ating mga nagsipagwagi sapagkat sumusuporta na rin sila sa pagbibigay ng trabaho sa kanilang komunidad," dagdag pa niya.

**Mga nagsipagwagi**

Ginawaran si Juvy Fabro bilang *institutional winner* ng CARD Bank at bilang "Gawad Maunlad Micro"; at si Rosario Agarin ng CARD SME Bank bilang "Gawad Maunlad SME". Tatlong kliyente naman mula sa CARD SME Bank ang ginawaran ng mga natatanging parangal kabilang sina Mary Celine Gordon bilang "Gawad Malikhain"; Romeo Bustamante bilang "Community Service Awardee"; at Rizalina Tolentino bilang "Innovative Family Enterprise Awardee".

Samantala, kinilala naman sina Lailane Gomintong ng CARD, Inc. (A Microfinance NGO), at Rowena Baya ng CARD MRI Rizal Bank, Inc. bilang mga *institutional winner* ngayong taon.

Nakatanggap din ng *Special Awards* sina Mary Celine Gordon bilang Gawad Malikhain *Awardee*, Romeo Bustamante bilang *Community Service Awardee*, at Rizalina Tolentino P4

## KAUNLARAN CARAVAN NG CARD MRI, ISINAGAWA SA CAMARINES NORTE

*ni Mary Rose Javier*



*Pinangunahan ni Darwin del Rosario mula sa CARD-MRI Development Institute (CMDI) ang livelihood training para sa mga kalahok ng Kaunlaran Caravan sa Daet, Camarines Norte upang magbigay ng kaalaman at kasanayan sa negosyo.*

Muling nagbalik ang Kaunlaran Caravan ng CARD MRI matapos ang pandemya sa Barangay Borabod, Daet, Camarines Norte noong Nobyembre 10, 2023.

Ito ay isang programang naghahatid ng mga serbisyo at programa para sa kaunlaran ng komunidad.

Sa pangunguna ng CARD, Inc. (A Microfinance NGO), muling naisakatuparan ang malawakang programa na naglalayong makapaghatid ng mahahalagang serbisyo sa publiko. "Sa patuloy na pagsisikap para puksain ang kahirapan sa bansa, ang CARD MRI ay nagsasagawa ng mga programa at aktibidad na makatutulong sa mga miyembro ng komunidad na mapaunlad ang kanilang kalusugan, kabuhayan at iba pang aspetong makapag-aangat ng kanilang antas ng pamumuhay," ani CARD MRI Managing Director Aristeo A. Dequito.

Ang programa ay nag-abot ng libreng *medical, optical, dental* at *pre-natal check-up* upang itaguyod ang malusog na pangangatawan ng bawat isa. Nagkaroon din ng iba pang *community development services* gaya ng *wellness massage, grooming haircut, mass wedding, manicures, pedicures,* at *storytelling* para sa mga bata.

"Lubos kaming natutuwa na makita na ang ganitong inisyatibo P4

# KWENTONG TAGUMPAY



*Si Royland Dela Cruz mula sa Tagaytay ay umaasang manumbalik ang kaligayahan sa ilalim ng sikat ng araw at simoy ng hangin sa pamamagitan ng kanyang saranggola.*

## PAG-USBONG NG TAGUMPAY SA ALAPAAP

*ni Mary Rose Javier*

Bago ang mga teknolohiya, natuto muna tayong mag-aliw sa ilalim ng sikat ng araw, sumabay sa simoy ng hangin, at tumakbo sa mga damuhan. Isa sa mga nagbigay ng kaligayahan sa buhay ng ating pagkabata ay ang pagpapalipad ng saranggola.

Tunay na nanatili sa mga alaala ni Royland Dela Cruz ang mga karanasan mula sa kanyang pagkabata, kaya't upang mapanatili at ipakilala sa bagong henerasyon ang mga ganitong uri ng aktibidad, nagsimula siyang gumawa at magtinda ng saranggola.

Nakakuha rin siya ng mga kaalaman at karanasan sa Kite Association of the Philippines (KAP) na siyang gumabay sa kanya hanggang sa matuto siyang pamahalaan ang kanyang sariling tindahan ng saranggola. Ang mga hakbang na ito ay nakatulong kay Royland na hasain at mapahusay pa ang kanyang kakayahan sa paggawa ng saranggola at mga *souvenir*.

Bilang nagsisimula sa negosyo, naging hamon para kay Royland ang puhunan para dito. Sa kabutihang palad, ang kanyang asawa ay isang kliyente ng CARD SME Bank, isang *thrift bank* sa ilalim ng CARD MRI. "Ang aming mga pangangailangan lalo na ng aming negosyo ay nakamit sa tulong ng CARD SME Bank. Nakakapag-ipon din kami habang nagbabayad ng aming *loan*," ani Royland.

Sa kabila ng napapanahong paggamit ng saranggola, ipinagpatuloy pa rin ni Royland ang paggawa nito. Gumawa rin siya ng mga *bracelet, coin purse,* at *shell craft* dahilan upang makilala ng mga turista ang kanyang negosyo, "Katuwang namin ang CARD SME Bank sa pagpapalago ng aming negosyo," ani Royland.

Si Royland ay patuloy na nagtitinda ng saranggola sa Picnic Grove, Tagaytay at umaasang manumbalik ang makukulay na saranggola sa kalangitan habang sumasabay sa simoy ng hangin.

"Para sa akin, ang pagpapalipad ng saranggola ay hindi lamang isang libangan, kundi nagpapakita rin ito ng ating pagkamalikhain at nagbibigay kaligayahan sa ating simpleng pamumuhay," pagtatapos niya.

## BINHI NG KAUNLARAN

*ni Edrian Banania*



*Natagpuan ni Elsa Ramirez ang kasiyahan at tagumpay sa pagiging isang agripreneur at hinihikayat ang iba na suportahan ang industriyang agrikultura dahil sa benepisyong binibigay nito sa ekonomiya.*

Bukod sa kilalang Chocolate Hills, ang bayan ng Carmen sa Bohol ay umunlad dahil sa agrikultura nito. Ang industriyang ito ang pangunahing ikinabubuhay ng mga lokal sa lugar kabilang na si Elsa Ramirez.

Si Elsa ay isang kliyente ng CARD, Inc. (A Microfinance NGO) at isang *agripreneur* na sumusuporta sa industriya ng agrikultura. Ayon sa kanya, ang agrikultura ay isang malaking bahagi sa pag-unlad ng ekonomiya dahil sa trabaho at pagkain na ibinibigay nito.

Kasama ng kanyang limang anak, nagsumikap silang paunlarin ang kanilang taniman sa kabila ng mga kalamidad at kompetisyon sa merkado. Bukod pa rito, nagtayo rin si Elsa ng sari-sari *store* at *canteen* bilang pandagdag gastusin ng kanilang pamilya. Ayon sa kanya, marami silang hamon na kinaharap sa pagpapalago ng kanilang negosyo ngunit taglay ng kanilang pamilya ang lakas ng loob at positibong pananaw.

Nagbigay naman ng pasasalamat si Elsa mula sa CARD, Inc., "Dahil sa *loan* at *insurance* na inaalok ng CARD, naging panatag ako anuman ang harapin ng aming pamilya at negosyo." Ang institusyon rin ang nagbigay daan kay Elsa upang mapalawak ang kanyang negosyo sa kabila ng mga pagsubok na hinarap nito.

Sa ngayon, ang *seasonal crops* ni Elsa gaya ng pakwan at mga gulay tulad ng *string bean*, talong, at *Chinese cabbage* ay patuloy sa pag-unlad at dinadala sa mga palengke kasama ang kanilang mga *partner traders, wholesalers,* at mga *retail store owner* sa Carmen, Bohol.

Dahil sa tagumpay ng kanyang negosyo, nagkaroon sila ng maayos na tirahan at maliit na trak na kanilang ginagamit sa paghahatid ng kanilang produkto. Ang tagumpay na ito ang nagbigay daan kay Elsa na makapagbigay ng

P4

## 2023 SINEMAYA COMMUNITY ... P2

negosyo. "Nagpapasalamat kami na ang mga kliyente gaya namin ay binigyan ng pagkakataong ipakita ang aming talento at kasanayan bukod sa pagiging *microentrepreneurs*," ani Baring.

Nakuha naman ng dokumentaryong pelikulang "Balo" ang *2nd Best Film* at nanalo ng mga parangal para sa *Best Screenplay, Best Editing, Best Cinematography,* at *Founder's Excellence Award*. Samantalang ang "Dahon ng Pag Asa" ay itinanghal bilang *3rd Best Film.*

Narito naman ang mga *documentary films* na tumanggap ng *Community Development Awards* sa kategorya ng *Resiliency, Education, Women Empowerment, at Financial Inclusion*:

- Community Development Award para sa *Resiliency*: "Ang Pagbangon ng Api"
- Community Development Award para sa Edukasyon: "Isang libong hakbang para sa pangarap"
- Community Development Award para sa *Women Empowerment*: "Bunga ng Pagsisikap"
- Community Development Award para sa Financial Inclusion: "Letra"

Iginawad naman sa "Letra" ang *People's Choice Award* na itinakda batay sa boto ng mga manonood noong Nobyembre 26, 2023. Ang pelikula rin ay nagwagi ng *Founder's Excellence Award*.

Bukod pa rito , kinilala si Rynzel Joy Gamarcha ng "Kami ay Babae, Hindi Babae Lang" bilang *Young Creator Awardee* at ang kanilang ginawang pelikula bilang *Managing Director's Choice Award*.

Ipinahayag naman ni CARD MRI Publishing House President Marilyn M. Manila ang mas pinalawak at pinalaking SineMaya Film Fest sa taong 2024. "Dahil sa tagumpay ng SineMaya, nilalayon nating ipagpatuloy ito sa susunod na taon tampok ang *short drama films* upang sama-sama nating ihatid ang ating hangarin sa iba pang mga kliyente ng iba't ibang *microfinance institutions* hindi lamang sa Pilipinas kundi maging sa mga bansa sa *Southeast Asia*," saad niya.

Abangan ang detalye ng 2024 SineMaya: Community Short Film Festival sa Facebook page ng MFI Newswire.

## BINHI NG ... P3

trabaho sa iba at makatulong sa lokal na ekonomiya ng Carmen.

"Kung gusto mong tahakin ang mundo ng pagnenegosyo, dapat mayroon kang lakas ng loob at positibong pananaw sa pagharap ng mga hamon na inyong haharapin," ani Elsa. Nilalayon din niya na palawakin pa ang kanyang negosyo sa pamamagitan ng pagbili ng mga sakahan para makapagtanim pa ng iba't ibang *agriproduct*.

## PsMLNI 2023: KINILALA ... P2

bilang *Innovative Family Enterprise Awardee*. Ang tatlo ay pawang mga kliyente ng CARD SME Bank.

Ang CARD MRI ay binubuo ng 25 institusyon na nagsisikap na wakasan ang kahirapan sa bansa sa pamamagitan ng mga produkto at serbisyo nito mula pa noong 1986.

Upang malaman ang higit pa tungkol sa CARD MRI, bisitahin ang https://cardmri.com.


## KAUNLARAN CARAVAN ... P2

ng CARD MRI ay nakararating sa marami nating kababayan," ani Dequito. "Layunin namin na ipagpatuloy pa ang mga ganitong uri ng programa upang higit na makapagbahagi ng positibong epekto sa mga komunidad."

Ang programa ay bukas hindi lamang sa mga kliyente at *dependent* ng CARD MRI kundi maging sa publiko.

Taong 2017 nang maghatid ang Caravan ng mga libreng serbisyo sa sampung probinsya na nakatulong sa mahigit 4,000 mga indibidwal. Gayunpaman, dahil sa COVID-19, ipinagpaliban ito ng higit sa tatlong taon, na nagresulta sa *digital development* nito sa pamamagitan ng online Kaunlaran Caravan noong 2021.

Upang malaman ang higit pa tungkol sa CARD, Inc. (A Microfinance NGO), bisitahin ang https://www.cardmri.com/cardinc/.




SULONG EDITORIAL BOARD
Dr. Jaime Aristotle B. Alip
Aristeo A. Dequito Marilyn M. Manila
Editorial Advisers
Dr. Edmund G. Centeno
Editor-in-Chief
Cyrene Grace DC. Lubigan
Managing Editor
Jeffrey C. Tandingan
Associate Editor
Albert A. Dayag
Ervin M. Calabia
Layout Artists
Edrian B. Banania
Harlene Joy F. Reyes
Josephine M. Ramos
Mary Rose A. Javier
Writers